# Pinoprotektahan ng mga Panuntunan sa Pagpapatupad at Pananagutan sa mga Kalayaang Sibil (CLEAR) ng County ng San Diego

*Artikulo LXV ng Administratibong Kodigo ng County*

**PAUNAWA:** Pinoprotektahan ang pasilidad na ito ng Ordinansa sa Karampatang Proseso at Kaligtasan ng San Diego (San Diego Due Process and Safety Ordinance). Ang mga lugar na hindi pampubliko ay hindi maaaring puntahan ng mga ahente ng pamahalaang pederal, alagad ng batas mula sa labas ng estado, o mga pribadong tagapagpatupad ng batas maliban na lang kung magpepresenta sila ng warrant o utos ng hukuman na inilabas ng isang hukom. Mayroon kayong karapatan batay sa saligang-batas na tumangging makipag-usap sa sinumang naturang indibidwal nang walang legal na representasyon.